# PANANALIG SA DIYOS

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7.** Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Ano ang maaari mong ipayo o sabihin sa bawat sitwasyon? Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Hindi makakapasok si Ana sa darating na pasukan sapagkat may malubhang karamdaman ang kaniyang ama. Gagamitin muna nila ang perang pangmatrikula para sa pagpapagamot ng kaniyang ama. Nag-aalala siya sa kanilang suliranin. Ano ang sasabihin mo kay Ana?

Ang sasabihin ko kay Ana ay ______________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

2. Umiiyak ang iyong kaibigang si Albert dahil nawala ang kaniyang perang pambili sana ng bagong sapatos na matagal na niyang pinapangarap. Inipon niya ito ng halos isang taon mula sa pagtitinda ng mga kakanin. Ano ang iyong sasabihin sa kaniya?

Albert, mainam na ____________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

3. Dinapuan ng sakit ang kalabaw ni Mang Karlos na siya niyang katulong sa pagsasaka araw-araw. Kitang-kita sa kaniyang mga mukha ang pag-aalala at kawalan ng pag-asa. Ano ang sasabihin mo kay Mang Karlos?

Imumungkahi ko kay Mang Karlos na ________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

LIVEWORKSHEETS

**Gawaing sa Pagkatuto Bilang 8.** Sagutin ang mga sumusunod ayon sa iyong mga natutuhan sa araling ito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

____1. Aling pangungusap ang nagpapakita ng matibay na pananalig sa Diyos.

I. Nag-aral si Gian ng kaniyang modyul, kung kaya't naniniwala siya na gagabayan siya ng Diyos sa kaniyang pagsusulit.

II. Ipinagdarasal ni Lito na makahanap na siya ng trabaho kung kaya't naghihintay siyang dinggin ang kaniyang panalangin.

III. Naniniwala si Nora na darating ang panahon at matutupad niya ang kahilingan ng kaniyang ina na magkaroon ng sariling bahay kaya't nagsusumikap siya.

IV. Nagpraktis nang mabuti si Sam para sa patimpalak sa kantahan, kaya't naniniwala siyang gagabayan siya ng Diyos upang maging maayos ang kaniyang pagtatanghal.

A. I & II B. I & III C. I, II & III D. I, II, III & IV

____2. Naaksidente ang iyong kaibigan at matatagalan pa bago siya makalakad. Ano ang maipapayo mo sa kaniya upang magkaroon siya ng lakas ng loob na harapin ang kinakaharap niyang pagsubok?

A. Tanggapin mo na lamang ang katotohanan na hindi ka na muling makakalakad.

B. Manalangin ka at magtiwala na makakalakad ka ulit.

C. Sisihin mo ang mga tao sa paligid mo na walang naitulong sa iyo.

D. Huwag kanang magdasal dahil hindi ka na talaga makakalakad pa.

LIVEWORKSHEETS

____3. Sabay na nawalan ng trabaho ang mga magulang ni Erika pero hindi sila nawawalan ng pag-asa at patuloy na naghahanap ng bagong trabaho. Ano ang magandang katangian ng mga magulang ni Erika?

A. Pagtitiwala sa kanilang sarili.
B. Pagkadismaya sa nangyari.
C. Pagtitiwala sa sariling kakayahan at pananalig sa Diyos.
D. Pagyayabang sa iba na kaya nilang makahanap agad ng trabaho.

____4. Mahalaga ang pananalig sa Diyos upang makamit natin ang ating mga mithiin sa buhay. Ano ang ibig sabihin nito?

A. Gawin ang makakaya upang matupad ang iyong mithiin na may pananalig sa Diyos.
B. Humingi ng tulong sa iba upang makamit ang mga ninanais sa buhay.
C. Maghintay na dinggin ng Diyos ang iyong mga panalangin.
D. Humingi ng dasal mula sa ibang tao.

____5. Aling pahayag ang nagpapakita na ang ating pananalig sa Diyos ay may mabuting naidudulot sa atin?

I. Pagkakaroon ng tiwala na malalagpasan lahat ng pagsubok na dumarating sa buhay.
II. Pagkakaroon ng pag-asa at lakas ng loob.
III. Pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay
IV. Pagkakaroon ng takot at alinlangan na baka hindi makamit ang minimithi sa buhay.

A. I at II   B. I, II at III   C. III at IV   D. IV lamang

LIVEWORKSHEETS